



PATNUBAY SA MISA

29 Oktubre 2017

Ika-30 Linggo sa Karaniwang Panahon

Taon A

LINGGO NG KAMALAYAN SA MGA BILANGGO

MGA SUGO AT SAKSI SA KAUTUSAN NG PAG-IBIG

Ngayong huling Linggo ng Oktubre, inaanyayahan tayo ng Ebanghelyong magnilay sa pag-ibig sa Diyos at sa kapwa. Si Hesus ay hindi lamang ang marunong na guro na muling nagpahayag ng turo ng Banal na Kasulatan tungkol dito kundi siyang ganap na nagsagawa ng dalawang utos na ito. Pag-ibig sa Diyos at sa kapwa ang tunay na kahulugan ng Kristiyanismo. Ito rin ang ginintuang tuntuning namamatnubay sa mga mananampalataya sa pagtatatag ng Kaharian sa sari-sarili nila't sa paligid nila.

Sa pagdiriwang ng Eukaristiyang ito, hilingin natin sa Panginoon ang biyayang maisabuhay araw-araw ang dalawang kautusan ng pagibig, tulad ng ginawa ni Hesus.

Ngayon ay Linggo rin ng Kamalayan sa mga Bilanggo. Tumutukoy ito sa mga taong malimit nating nalilimutan at marahil ay ayaw nating alalahanin. Gayunman, sila'y mga kapatid nating tulad ng iba'y nangangailangan ng ating habag, pang-unawa, at dasal. Sa pagdiriwang ng Eukaristiyang ito, alalahanin natin sila at ang kanilang mga mag-anak, at lahat ng naglilingkod sa mga bilanggo.



PASIMULA



Pambungad

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Magdiwang sa Poon natin. Siya ay ating sambahin. Siya ay ating hanapin nang tayo ay palakasin ng mukha niyang maningning.

Pagbati

P–Pagpalain ang Diyos na nagkaloob sa atin ng kakayahang umibig sa Kanya at sa ating kapwa. Ang Kanyang kapayapaan at biyaya ay sumainyong lahat.

B– At sumaiyo rin!

Pagsisisi

P–Habang naghahanda tayo para ipagdiwang ang misteryo ng pagibig ni Kristo sa Ama at sa lahat ng tao, alalahanin natin ang ating mga kasalanan. Pagtuunan natin ng pansin ang ating pagkukulang sa marapat na pagmamahal sa

Diyos at sa ating kapwa. (*Manahimik saglit.*)

P–Panginoong Hesus, tinuruan mo kaming mahal in ang Diyos nang buong puso, kaluluwa, at pag-iisip, ngunit bahagya lamang namin Siyang minahal. Panginoon, kaawaan mo kami!

B–Panginoon, kaawaan mo kami!

P–Panginoong Hesus, tinuruan mo kaming mahal in ang aming kapwa gaya ng pagmamahal mo sa amin, ngunit malimit din kaming nagkulang. Kristo, kaawaan mo kami!

B–Kristo, kaawaan mo kami!

P–Panginoong Hesus, tinuruan mo kaming pag-isahin ang pagmamahal namin sa Diyos at sa kapwa, ngunit malimit naming pinagsasalungat ang isa't isa. Panginoon, kaawaan mo kami!

B–Panginoon, kaawaan mo kami!

P–Kaawaan tayo ng makapang-

yarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.

B– Amen!

Papuri

B–Papuri sa Diyos sa kaitaasan at sa lupa'y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya. Pinupuri ka namin, dinarangal ka namin, sinasamba ka namin, ipinagbubunyi ka namin, pinasalamatan ka namin dahil sa dakila mong angking kapurihan. Panginoong Diyos, Hari ng langit, Diyos Amang makapangyarihan sa lahat.

Panginoong Hesukristo, Bugtong na Anak, Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, tanggapin mo ang aming kahilingan. Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama, maawa ka sa amin. Sa-

pagkat ikaw lamang ang banal, ikaw lamang ang Panginoon, ikaw lamang, O Hesukristo, ang Kataas-taasan, kasama ng Espiritu Santo sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen!

Panalanging Pambungad

P –Ama naming makapangyarihan, ang pananampalataya, pag-asa, at pag-ibig namin ay iyong dagdagan at gawin mong mahalín namin ang iyong mga kautusan upang sa mga pangako mo kami’y maging dapat makinabang sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan. *B*–Amen!

PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS



Unang Pagbasa *Exo 22:20-26*
Di nasasaklaw ng Sampung Utos ang lahat ng mga tanging tungkuling moral. Kaya nga, sa maikling sipi para ngayon, makikita ang iba pang kautusang tungkol sa mga moral na tungkulin sa mga mahihinang kaanib sa pamayanan, gaya ng mga dayuhan, mga balo, mga ulila, at mga dukha.

L –Pagpapahayag mula sa Aklat ng Exodo

Ito ang sinasabi ng Panginoon: “Huwag ninyong aapihin ang mga taga-ibang bayan; alalahanin ninyong nangibang-bayan din kayo sa Egipto. Huwag din ninyong aapihin ang mga babaing balo at ang mga ulila. Kapag inapi ninyo sila at dumaing sa akin, diringgin ko sila. Dahil dito, kapopootan ko kayo at lilipulin sa pamamagitan ng digmaan. Sa gayo’y mababalo rin ang inyu-inyong asawa at mauulila ang inyong mga anak.

Kapag nangungutang sa inyo ang mga kababayan ninyong mahihirap, huwag kayong hihingi ng tubo, tulad ng ginagawa ng mga usurero. Kapag may nagsanla sa inyo ng balabal, ibalik ninyo iyon sa kanya bago lumubog ang araw sapagkat iyon lamang ang pambalot niya sa katawan; wala siyang kukumutin sa pagtulog. Kapag siya’y dumaing sa akin, diringgin ko siya sapagkat ako’y mahabagin.”

Ang Salita ng Diyos!
B – Salamat sa Diyos!

Salmong Tugunan *Awit 17*

B –Poong aking kalakasan, iniibig kitang tunay!

R. M. Velez



* O Panginoon kong aking kalakasan, minamahal kita nang tunay na tunay. Panginoon’y batong hindi matitibag, matibay kong muog at Tagapagligtas. *B*.

* D’yos ko ang sa akin ay s’yang nag-iingat. Tagapagtanggol ko at aking kalasag. Sa ‘yo, Panginoon, ako’y tumatawag, sa mga kaaway ako’y’yong iligtas. *B*.

* Panginoon’y buhay, siya’y Tagapagligtas, matibay kong muog, purihin ng lahat. Sa piniling hari, dakilang tagumpay, ang kaloob ng D’yos sa kanyang hinirang. *B*.

Ikalawang Pagbasa *1 Tes 1:5-10*
Narito ang isang magandang larawan ng tapat na pamayanan ng Tesalonica, larawang nagbibigay-inspirasyon para natin pagnilayan at tularan.

L –Pagpapahayag mula sa Unang Sulat ni Apostol San Pablo sa mga taga-Tesalonica

Mga kapatid: Nakita ninyo kung paano kami namuhay sa inyong piling – ito’y ginawa namin para sa inyong kabutihan. Tinularan ninyo kami at ang Panginoon. Tinanggap ninyo ang Mabuting Balita, at dahil dito’y nagdanas kayo ng katakut-takot na hirap. Gayunman, taglay pa rin ninyo ang kagalakang kaloob ng Espiritu Santo. Kaya’t naging huwaran kayo ng mga kapatid sa Macedonia at Acaya.

Sapagkat hindi lamang ang salita ng Panginoon ang lumaganap sa Macedonia at Acaya sa pamamagitan ninyo. Pati ang balita tungkol sa inyong pananampalataya ay kumalat sa lahat ng dako. Anupa’t hindi na kailangang magsalita pa kami tungkol dito. Sila na ang nagbabalita kung paano ninyo kami tinanggap. Sila rin ang nagsabing tinalikdan na ninyo

ang pagsamba sa mga diyus-diyosan upang maglingkod sa tunay at buhay na Diyos, at maghintay sa kanyang Anak na si Hesús. Siya ang muling binuhay na magbabalik mula sa langit at magliligtas sa atin sa darating na poot ng Diyos.

Ang Salita ng Diyos!
B – Salamat sa Diyos!

Aleluya *Jn 14:23*

B –Aleluya! Aleluya!
Ang sa aki’y nagmamahal tutupad sa aking aral. Ama’t ako’y mananahan.
Aleluya! Aleluya!

Mabuting Balita *Mt 22:34-40*

Sa salaysay sa Ebanghelyong ito, sinamantala ni Hesús ang pagkakataong gamitin ang tanong sa kanyang may masamang layunin upang ituro sa lahat ng tao ang pangangailangang pagsamahin ang pag-ibig sa Diyos at pag-ibig sa kapwa. Ito ang pinakabuod ng utos ng Diyos.

P –Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Mateo
B – Papuri sa iyo, Panginoon!

Noong panahong iyon, nagtipun-tipon ang mga Pariseo nang mabalitaan nilang napatahimik ni Hesús ang mga Saduseo.

At isa sa kanila, isang dalubhasa sa Kautusan, ang nagtanong kay Hesús upang subukin ito: “Guro, alin po ang pinakamahalagang utos sa kautusan?” Sumagot si Hesús: “Ibigín mo ang Panginoon mong Diyos nang buong puso, nang buong kaluluwa, at nang buong pag-iisip. Ito ang pinakamahalagang utos. Ito naman ang pangalawa: Ibigín mo ang iyong kapwa gaya ng iyong sarili. Sa dalawang utos na ito nakasalalay ang buong Kautusan ni Moises at ang turo ng mga propeta.”

Ang Mabuting Balita ng Panginoon!
B –Pinupuri ka namin, Panginoon ng Hesukristo!

Homiliya

Sumasampalataya

B –Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat. Nagka-

tawang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inililing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao. Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao at sa buhay na walang hanggan. Amen!

Panalangin ng Bayan

P –Malimit tayong manganib magpabaya sa marapat na pag-ibig sa Diyos at sa kapwa. Pakumbabang hilingin natin ang kailangan nating tulong para tayo’y magmahal na gaya ng turo sa atin ni Kristo sa salita at sa halimbawa. Itugon nati’y:

B –Panginoon, turuan mo kaming magmahal!

* Para sa Simbahang mag-anak ng Diyos sa lupa: Nawa siya’y tuwinang maging pampasigla para mahalin natin ang Diyos at sa kapwa. Manalangin tayo! **B.**

* Para sa Santo Papa, mga obispo, at iba pang pinunong espirituwal: Nawa sila’y lagi nating maging inspirasyon sa pagpapakita nila ng pag-ibig sa Diyos at sa mga tao. Manalangin tayo! **B.**

* Para sa mga pinuno ng ating pamahalaan, kapulisan at iba pang mga tagapagpatupad ng batas: Nawa sila ang manguna sa pagsunod sa batas at pagprotektang pantao, kahit sa kanilang pagtugis sa mga pinaghihinalaang kriminal. Manalangin tayo! **B.**

* Para sa ating mga anak at kabataan: Nawa maunawaan nilang ang tanging paraan para mapaganda ang ating mundo ay ang pag-ibig sa Diyos at sa kapwa gaya ng turo sa atin ni Hesus. Manalangin tayo! **B.**

* Para sa mga bilanggo: Nawa ang buhay sa piitan ay maging

pagkakataong makatagpo nila si Kristo, pagsisihan ang kanilang pagkakasala, at patuloy na malasap ang pag-ibig at habag ng Diyos. Manalangin tayo! **B.**

* Para sa mga masipag na kalahok sa pagkalinga sa mga bilanggo: Nawa patuloy silang magsikap para sa paghilom at katarungan sa buhay ng mga bilanggo at mga biktima ng mga krimen. Manalangin tayo! **B.**

* Tahimik nating ipanalangin ang ating mga pansariling kahalilingan. (*Tumigil saglit.*)

Manalangin tayo! **B.**

P –Panginoong Hesukristo, ikaw ang dakilang huwaran ng pagmamahal sa Diyos at sa aming kapwa. Ipagkaloob mo sa amin ang biyayang timbangin maging mabuti ang dalawang pagmamahal na ito, tulad ng ginawa mo, at sa gayo’y makatuloy kami sa Kaharian kung saan ka nabubuhay at nagmamahal magpakailanman.

B –Amen!



P –Manalangin kayo . . .

B –Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan, sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.

Panalangin ukol sa mga Alay

P –Ama naming Lumikha, tung-hayan mo ang mga alay na aming inihahain sa iyong kadakilaan upang ang paglilingkod na aming ginagampanan ay humantong sa iyong lalong ikadarangal sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B –Amen!

Prepasyo VI

P –Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamat.

Nasa iyo ang aming buhay, pagkilos at pag-iral. Sa pamumuhay namin araw-araw tinatama namin ang iyong pagmamahal. Sa pag-ibig mong ipinunla sa sangkatauhan ang Espiritu Santo’y unang aning bigay ng Anak mong naglagak sa amin ng katiyakang

nakalaang mabuhay kami sa piling mo kailanman.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami’y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

B –Santo, santo, santo Panginoong Diyos ng mga hukbo. Napupuno ang langit at lupa ng kadakilaan mo. Osana sa kaitaasan!

Pinagpala ang naparirito sa ngalan ng Panginoon. Osana sa kaitaasan!

Pagbubunyi

B –Sa krus mo at pagkabuhay kami’y natubos mong tunay, Poong Hesus naming mahal, iligtas mo kaming tanan ngayon at magpakailanman.



B –Ama namin . . .

P –Hinihiling namin . . .

B –Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen!

Paanyaya sa Kapayapaan

Paghahati-hati sa Tinapay

B –Kordero ng Diyos . . .

Paanyaya sa Pakikinabang

P –Ito si Hesus, ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.

B –Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.

Antipona ng Pakikinabang

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Magiging kaligayahang aming pakikinabangan ang iyong pagtagumpay. Panginoon, ang ‘yong ngalan ay aming papupurihan.

Panalangin Pagkapakinabang

P –Ama naming mapagmahal, maging lubos nawa ang aming pakikinabang sa tinanggap namin sa piging mong banal upang ang aming ginaganap nang lantaran ay siyang aming makamtang tunay sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B –Amen!

PAGWAWAKAS



P – Sumainyo ang Panginoon.
B – At sumaiyo rin!

P – Magsiyuko kayo at ipanalangin ang pagpapala ng Diyos. (*Manahimik saglit.*)
Bigyan nawa kayo ng Diyos ng lakas para Siya’y mahal nang buong puso.

B – Amen!

P – Pagpalain Niya nawa kayo para mahal ang inyong kapwa gaya ng pagmamahal sa inyo ni Kristo.

B – Amen!

P – Alalayan nawa kayo ng Panginoon sa inyong pagsisikap na tumupad sa inyong mga tungkulin at gantimpalaan kayo ng kaligayahang walang hanggan.

B – Amen!

P – Pagpalain kayo ng makapang-yarihang Diyos: Ama, Anak, at Espiritu Santo.

B – Amen!

P – Humayo kayo sa kapayapaan

at maging kasangkapan nawa kayo ng pag-ibig ng Diyos para sa lahat.

B – Salamat sa Diyos!

PATNUBAY TUNGO SA KAHARIAN

Pag-ibig sa Diyos at sa kapwa ay siyang kaluluwa ng Pakikipagtipan ng Panginoon sa Kanyang mga Hinirang. Kapabayaang magmahal ay pagsira sa Kasunduan at nagbunga ng mga biktima sa iba’t ibang pangkat sa lipunan (*sangguniing Unang Pagbasa*). **Patuloy na ipinaaalaala ito ng lahat ng propeta sa mga tao.**

Ang kabuuan ng dalawang pag-ibig na ito ay siya ring kaluluwa ng Bagong Kasunduang itinatag ni Kristo at nilagdaan ng kanyang dugo. Kinakatawan nito ang lahat ng mahahalagang kahingian ng Matandang Kautusan, **ngunit higit itong mahigpit pagkat ito’y nasa bagong tagpuan ng Kaharian, at sunod sa halimbawa ni Hesus.** Siya ang ganap na halimbawa ng kung paano natin dapat ibigin ang Diyos at ang ating kapwa pagkat isinabuhay niya ang dalawang pag-ibig nang buong katapatan hanggang ito’y kanya pang ikinamatay.

Ang pag-ibig sa Diyos at sa kapwa ay siyang tunay na “diwa ng Kristiyanismo.” Ito ang gintong tuntunin sa buhay na gumagabay sa lahat ng mananampalataya sa pagtatatag ng Kaharian sa kanilang sarili at kanilang kapaligiran.

Ang dalawang pag-ibig na ito ay kapwa tampok at magkapunuan – di ganap ang isa kung wala ang isa pa. Una sa lahat ang pag-ibig sa Diyos. Ito ang nagbibigay-kahulugan sa pag-ibig sa kapwa. Iniingatan nito ang lahat ng sangkap na ikatatatag. Gayunman, ang pag-ibig sa Diyos ay kailangang patunayan sa pag-ibig sa kapwa, gaya ng ipinakita sa atin ni Hesus sa kanyang buhay at kamatayan.

Anupa’t dalawang pag-ibig, isang puso, isang kalooban. **Ang dalawang pag-ibig na ito ay magkaugnay na pag-ibig na di dapat magkahiwalay, di dapat maging magkaaway.** Tinitiyak ni San Juan – na malamang ay nag-uulit sa sinabi ng kanyang Panginoon – ang pagkakaugnay ng dalawang pag-ibig na ito nang ipahayag niyang: “Ang nagsasabing ‘Iniibig ko ang Diyos,’ at napopoot naman sa kanyang kapatid ay sinungaling. Kung yaong kapatid na kanyang nakikita ay hindi niya maibig, paano niya maiibig ang Diyos na hindi nakikita?” (*1 Jn 4:20*). Kaya nga, “Ang umiibig sa Diyos ay dapat ding umibig sa kanyang kapatid” (*1 Jn 4:21*).

Tanging sa pagsunod lamang sa mga kautusang ito at pagsasabuhay rito araw-araw, gaya ng ginawa ni Hesus, lalago ang Kaharian at ito’y magiging tunay na bahagi ng ating buhay.

Kapag tayo’y naging buhay na katuparan ng lahat ng tao alinsunod sa plano ng Diyos, ang Kaharian ay lalo pang lalago pagkat tunay na nag-iibayo ang kabutihan sa kapangyarihan ng biyaya ng Diyos.

LINGGO NG KAMALAYAN SA MGA BILANGGO

Noong Marso 25, 1975, ang pamunuan ng Catholic Bishops’ Conference of the Philippines (CBCP) ay nakatanggap ng isang liham mula sa mga bilanggo na nahatulan ng parusang kamatayan. Nakasaad sa liham ang kanilang hinaing na tingnan at tugunan ng simbahan ang kanilang kalagayan.

Bilang tugon, ang CBCP ay bumuo ng isang komisyon na tinawag na Episcopal Commission on Prisoners’ Welfare (ECOPRIW). Kalaunan, simula noong 1998, ang komisyon ay nakilala bilang Episcopal Commission on Prison Pastoral Care (ECPPC). Mula noon hanggang ngayon, ang komisyon ang nangangalaga sa kapakanan ng mga kapatid nating nasa bilangguan.

Noong 1987 pinaigting ng komisyon ang panawagan sa sambayanan na magmalasakit sa mga bilanggo sa pamamagitan ng pagtatalaga ng huling Linggo ng Oktubre bilang Linggo ng Kamulatan sa mga Bilanggo.

Ang dalawang pangyayaring ito ay kongkretong pagpapakita at tugon ng Sambayanan ng Diyos sa panawagang mahal ang Diyos at ang ating kapwa.

Ang pagmamahal ang pinakamahalagang utos ng Diyos. Ipinangaral ito ni Hesus, hindi lamang sa salita kundi ipinakita niya ito sa kanyang pamumuhay. Dahil sa pagmamahal ni Hesus, ang mga makasalanan ay nagbalik loob, ang mga nalulungkot ay nagdiwang sa kagalakan, ang mahina ay naging matatag at malakas, ang mga nauulila at nawalan ng pag-asa ay muling nagtiwala at nagkaroon ng pag-asa. Ang pagmamahal ang naghahatid ng Liwanag at Kaligtasan lalo na sa mga “Anawim” ng Panginoon: ang mga bilanggo.

Sa pagdiriwang natin ng Linggo ng Kamalayan sa mga Bilanggo, hinihimok ng Simbahan na patuloy tayong magmalasakit sa mga nangangailangan, kabilang ang mga kapatid natin sa bilangguan. **Ihatid nating muli sa kanila ang Liwanag ni Kristo at ipadama ang mga mapanligtas na gawain ng Diyos sa pamamagitan ng ating pagmamahal at pagmamalasakit sa kanila.**



**WORD & LIFE
PUBLICATIONS**

Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila

Postal Address: P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines

Tel. Nos. 894-5401; 894-5402; 892-2169 • Telefax: 894-5241 • Website: www.wordandlife.org

• E-mail: marketing@wordandlife.org, wordandlifepublications@gmail.com • FB: Word & Life Publications

• Editorial Team: Fr. S. Putzu, C. Valmonte, G. Ramos, V. David, J. Dy, D. Daguio

• Illustrations: A. Sarmiento, B. Cleofe • Circulation: R. Saldua